Tagalog

**BOTULISM**

Hawaii State Department of Health
health.hawaii.gov
Para sa karagdagang impormasyon o pagsangguni tumawag sa 2-1-1

**Ano ang botulism?**

Ang botulism ay isang malubhang sakit na pumaparalisa sa mga kalamnan na dulot ng pagkalason sa mga ugat na mula sa bakteryang tinatawag na *Clostridium botulinum.* Mayroon tatlong karaniwang uri ng botulism:

- Ang **foodbone botulism** ay karaniwang nakikita sa mga taong nakakain ng pagkaing kontaminado ng lason ng dulot ng bakteryang botulism. Ito ay nagdudulot nang malubhang sakit na matutunghayan sa loob ng ilang oras o ilang araw. Ang **foodbone botulism** ay isang prayoridad sa pampublikong kalusugan sapagkat maaaring makain ng ilan pang mga tao ang mga kontaminadong pagkain bago pa man sila makilala.
- Ang **Infant botulism** ay natatagpuan lamang sa maliit na bilang ng mga sanggol kada taon na mayroon **C botulinum** sa kanilang mga bituka dahil sa paglunok sa “spores” ng botulism. Ang mga “spores” na ito ay kadalasang nakikita sa mga pagkaing kagaya ng pulot.
- Ang **wound botulism** ay natatagpuan sa mga mga apektadong lupa na may **C botulinum** na siyang sanhi ng lason.
- Ang ika-apat na uri ng botulism ay gawa ng tao at maaring magkaroon nito sa pamamagitan ng paglanghap ng lason patungong baga.

**Papaano kumakalat ang botulism?**

Madalas makita ang botulism sa mga kontaminadong mga pagkain. Ang pagpapainit ng pagkain ay maaring pangontra sa lason. Ang botulism ay hindi nakakahawa; Ito ay hindi kumakalat mula sa isang tao patungo sa iba.

**Ano ang mga palatandaan ng botulism?**

Ang mga palatandaan ng botulism ay kadalasang nagsisimula sa 12 hanggang 72 oras pagkatapos malunok ang lason ngunit maaring magsimula nang maaga sa loob ng 2 oras hanggang 8 araw. Ang mga karaniwang palantandaan nito ay ang pagkakaroon ng dalawang paningin, malabong paningin, mapungay na mga mata, malabong pagbigkas,
kahirapan sa paglunok, tuyong bibig, at mahina ang mga kalamnan. Kung ito ay di mabibigyan ng kaagad na lunas, ang mga palatandaang ito ay maaring lumala sa paralisis ng braso, leeg, at mga bahagi sa paghinga, at magdulot ng kamatayan. Nagsisimula ang panghihina at paralysis sa ulo hanggang leeg, pagkatapos pababa patungong mga kamay, sa ilalim na bahagi ng katawan hanggang paa.

**Papaano ginagamot ang botulism?**

Mayroong mga pangontrang gamot sa botulism ngunit kinakailangang ibigay ito pagkatapos masuri. Ang pangontrang gamot ay maaring makatulong sa pagtigil ng paglago ng sakit, ngunit hindi nakagagamot sa mga paralisis na naganap na. Hindi epektibo ang mga antibiotics sa paggamot sa botulism.

Mahusay na pangangalaga sa ospital ang pinakamabisang panggamot sa lahat ng uri ng botulism. Ang isang pasyente na may malalang uri ng botulism ay kinakailangang mailagay sa "breathing machine" at nasa mahusay na medikal na pangangalaga sa loob ng ilang buwan. Ang mga pasyenteng na may matagumpay na karanasan laban sa sakit na dulot ng botulism ay maaring magkaroon ng panaka-nakang pagkapagod at maikling paghinga sa mga susunod na mga taon, at kakailanganin ang mahabang pangangalaga upang tulungan ang pagpapagaling.

**Bakit mayroon pangamba hinggil sa botulism bilang isang bayolohikal na sandata?**

Ang botulism ay isang seryosong karamdaman. Ang mga bakterya na siyang responsible sa karamdamang ito ay madaling makita at maaaring magamit sa pagkontamina ng pagkain at tubig.

**Ano ang dapat gawin kapag ikaw ay nalantad sa botulism?**

Humanap ng maagap na saklolong medikal. Lahat ng mga pagkaing inaakalang kontaminado ng lasong botulinum ay kinakailangang alisin at ihiwalay mula sa ibang posibleng makakagamit nito, at kung maaari ay ibigay sa Kagawaran ng Kalusugan para sa pagsusuri. Kung mayroong lason na nakadampi sa damit o katawan ay kinakailangang alisin kaagad at hugasan ng sabon at tubig.

**Ano ang ginagawa ng mga kinauukulan sa pampublikong kalusugan upang maiwasan at makontrol ang botulism?**

Mayroong kinatawan sa kagawarang pangkalusugan at CDC na siyang may sapat na kaalaman sa botulism at siyang tumutulong kasama ng mga duktor sa loob ng 24 oras. Kung ang pangontra ay kakailanganin upang gamutin ang pasyente, ito ay madaling maibibigay sa duktor saanman dako ng bansa. Ang mga inaakalang pagkalat ng botulism ay madaliang naiimbistegahan, at kung ito'y produktong komersyal, mayroong karampatang hakbang sa pagkontrol na isinasagawa ang mga kinauukulan sa pampublikong kalusugan at ibang mga ahensyang nagpapalakad nito. Kinakailangang isuplong ng duktor ang anumang kaso ng botulism sa Kagawaran ng Kalusugan ng estado.

**Maari bang magkaroon ng botulism ang mga alagang hayop?**

Oo. Ang inyong mga alagang hayop ay maaaring magkaroon ng botulism sa pamamagitan ng pagkain ng mga kontaminadong pagkain o paglanghap ng lason. Kung inaakala nalantad sa lason ang inyong mga alaga, humanap kaagad ng saklolo mula sa inyong beterinaryo. Hindi nalilipat ng hayop ang sakit sa tao.

**Ano ang mga palatandaan ng BOTULISM**

Ang palatandaan ng botulism ay kadalasang nagsisimula sa 12 hanggang 72 oras pagkatapos malunok ang lason ngunit maaring magsimula nang 2 oras hanggang 8 araw.

- Ang mga palantandaan nito ay:
- Pagdalawa ng paningin
- Paglabo ng paningin
- Pagpungay na mga mata
- Paglabo sa pagbigkas
- Mahirap na paglunok
- Pagtuyo ng bibig, at
- Panghihina ng mga kalamnan

Kung ito ay di mabigyan kaagad ng lunas, ang mga palatandaang ito ay maaring lumala sa paralisis ng braso, leeg, at mga bahagi sa paghinga, at magdulot ng kamatayan. Ang panghihina at paralisis ay nagsisimula sa mga sa ulo hanggang leeg, pagkatapos patungong mga kamay, at sa ilalim na bahagi ng katawan hanggang paa.

Para sa karagdagang impormasyon, tawagan ang
Aloha United Way
2-1-1
health.hawaii.gov
o www.cdc.gov

Linda Lingle, Gobernador
Chimoye, Leinaala Fukino, M.D., Direktor ng Kalusugan

Ang Kagawaran ng Kalusugan ay naglalayong mabigyan ng pagkakataong ang lahat na walang pagkiling sa lahi, kulay, o bansang pinanggalingan (kabiliang dito ang wika), gulang, seks, relihiyon, o kapansan sa kanilang mga programa at aktibidades.

Sumulat o tumawag sa Affirmative Action Officer sa P.O. Box 3378, Honolulu, HI 96801-3378 o magiwan ng mensahe sa (808) 586-4616 sa loob ng 180 araw ng suliranin.